www.kidworship.kr

# Ang Pagkapanganak kay Jesu-Cristo

- 2nd Story-



10Page

**N A R** Noon, sa isang bayan sa Nazareth na tinatawag na Bethlehem, may isang dalagang ang pangalan ay Maria. Si Maria ay nakatakdang ikasal sa isang mabait na karpinterong ang pangalan ay Jose. Nang panahong iyon, ang bayan ng Israel ay pinamumunuan ni Haring Herodes. Kahit na nahihirapan ang mga taga-Israel sa pamumuno ni Haring Herodes, naniniwala sila sa ipinangako ng Diyos matagal na panahon na ang nakalilipas.

**People** Isang araw isang sanggol ang isisilang para palayain tayo! Darating siya para iligtas tayo!

---



11Page

**N A R** Isang gabi, habang natutulog si Maria, nagpakita ang Anghel Gabriel sa kanya.


**Gabriel** Maria, wag kang matakot. Pinagpala ka ng Diyos at naging kalu-god-lugod ka sa Kanya. Ikaw ay magbubuntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at manganganak ka ng isang sanggol na lalaki at ta-tawagin mo Siyang Jesus. Ibibigay ng Diyos sa kanya ang walang hanggang paghahari sa trono ni David.

**Maria** Pero, wala pa akong asawa. Paano ako magbubuntis?

**Gabriel** Ang bata ay ipapanganak sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil dito, ang isisilang mo'y banal at Siya ay magiging sariling Anak ng Diyos.

**N A R** Natakot si Maria pero nagtiwala siya at sumunod sa Diyos.

---



12Page

**Maria** Panginoon, ako ay lingkod mo. Mangyari nawa sa akin ang nais mo.

**N A R** Sa panahong iyon, nakakatakot ang magbuntis ng wala pang asawa dahil maaari syang batuhin hanggang mamatay. Isa pa, iiwan sya ng mapapang-asawa nyang si Jose. Ganunpaman, sa kabila ng lahat ng ito, nagtiwala at sumunod sa Diyos si Maria.

---



13Page

**Joseph** Ha...paano nangyari ito? Paanong nagawa ni Maria... paano nagawa ni Maria ang magbuntis bago ang kasal namin. Napakasakit naman nito. (malalim na buntong-hininga)

**N A R** Si Jose na nakatakdang mapang-asawa ni Maria ay isang mabait at matuwid na tao. Ngunit ang balita na buntis si Maria ay malaking gulat sa kanya. Nagdesisyon si Jose na sabihin kay Maria na hindi nya ma-papakasalan ito. Isang araw, isang anghel ang nagpakita sa kanya sa panag-inip.

Angel Jose, Anak ni David! Wag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang ipinagbubuntis nya ay mula sa Banal na Espiritu. Sya ay mangan-ganak ng lalaki at ang ipapangalan mo sa kanya ay Jesus dahil ililigtas nya ang kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

Joseph Ah! Naiintindihan ko po.



14Page

NAR Matapos marinig ang sinabi ng anghel, pinakasalan ni Jose si Maria gaya ng ipinangako nya. Pagkalipas ng ilang buwan, dinala ni Jose si Maria na nuo'y buntis pa sa Bethlehem na kanyang bayang sinilangan dahil iniutos ng Emperador ng Roma na umuwi at magpalista ang bawat mamamayan sa kani-kanyang bayang sinilangan. Gabi na nang nakarating sila at wala na silang mahanap na matutuluyan dahil marami nang tao duon.



15Page

Joseph May bakante pa ba kayong kwarto? Manganganak na ang asawa ko. Pakiusap...kahit na maliit na kwarto lang pwede na.

NAR Wala silang nahanap na matutuluyan kaya nagpahinga sila sa isang kwardra kung saan kumakain at natutulog ang mga kabayo . Nang gabing iyon, ipinanganak ang sanggol na si Jesus. Siya si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, na magliligtas sa kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.